DEL ROSARIO CHRISTIAN INSTITUTE

# ARALIN 2: Mga Pagdiriwang na Panrelihiyon

With Teacher Jolina

# LAYUNIN

- Naiisa -isa ang pagdiriwang na panrelihiyon na nagbubuklod sa mga Pilipino.
- Nailalarawan ang mga kaugaliang kaugnay ng pagdiriwang na panrelihiyon.

# MGA PAGDIRIWANG NA PANRELIHIYON

Ang pagdiriwang na panrelihiyon ng mga Pilipino ay magkakaiba at marami. Nagkakaisa ang mga Pilipino sa pagsasagawa nito.

Ang ilan sa mga halimbawa ay ang Ati - atihan, Mahal na Araw, Santacruzan, Araw ng mga Patay, Pasko, Ramadan, prubisyon at marami pang iba.



# KARAGDAGANG KAALAMAN

Ang **Higantes Festival** na kilala sa tawag na Pista ni San Clemente ay ipinagdiriwang tuwing ika - 23 ng Nobyembre sa Angono, Rizal. Ito ay ang pinakamalaking pagdiriwang para kay San Clemente, patro.



# PAGDIRIWANG NG MGA KATOLIKO

1. **Araw ng Pasko** - ipinagdiriwang tuwing ika - 25 ng Disyembre bilang pag-alala sa pagsilang Hesukristo. Ang mga sumusunod na gawain ay tanda ng pagdiriwang ng Pasko:



# PAGDIRIWANG NG MGA KATOLIKO

**a.** Simbang gabi tuwing ika 16 hanggang ika - 24 ng Disyembre.

**b.** Pagsabit ng mga parol, pagtatayo o pagdidisenyo ng **Christmas Tree, Christmas Lights** at iba pang dekorasyon.

**c.** Pagbibigay ng mga ninong at ninang ng mga regalong laruan, damit o salapi sa mga inaanak.

**d.** Paghahanda ng pagkain sa **Noche Buena.**

**e.** Pagpapahalaga sa pagsasama ng mag - anak.



# PAGDIRIWANG NG MGA KATOLIKO

**2. Mahal na Araw** - ito ay ipinagdiriwang bilang pag - alala sa pagtubos ni Hesukristo sa kasalanan natin. Ang mga sumusunod na gawain ay tanda ng Mahal na Araw.



# PAGDIRIWANG NG MGA KATOLIKO

**a.** Pag - aayuno

**b.** Paggunita sa paghihirap, pagkamatay at muling pagkabuhay ni Hesukristo.



**c.** Pagsasagawa ng pabasa o paawit na pagbasan na nagsasalaysay sa buhay ni Kristo

**d.** Pagpepenitensiya

**e.** Salubong o araw ng pagkabuhay ni Hesus at pagkikita nila ni Inang Birhen.

# PAGDIRIWANG NG MGA KATOLIKO

**3. Bagong Taon** - ito ay pagdiriwang tuwing hatinggabi ng ika - 31 ng Disyembre. Ang pagsalubong ng mga Pilipino ay maingay at masaya. Ang mga sumusunod na gawain ay tanda ng Bagong Taon:



# PAGDIRIWANG NG MGA KATOLIKO

**a.** Pagluluto ng mga pagkain at paghahanda ng mga bilog na prutas upang maging masagana ang buhay sa isang buong taon.

**b.** Pagtalon ng marami kung nais madagdagan ng laki.

**c.** Pagpapatugtog ng mga maiingay na bagay.



# PAGDIRIWANG NG MGA MUSLIM

1. **Ramadan** - ipinagdiriwang ng mga Muslim tuwing ika - siyam ng buwan sa kalendaryong Muslim. Ang mga sumusunod na gawain ay tanda ng Ramadan:



# PAGDIRIWANG NG MGA MUSLIM

1. **Ramadan** - ipinagdiriwang ng mga Muslim tuwing ika - siyam ng buwan sa kalendaryong Muslim. Ang mga sumusunod na gawain ay tanda ng Ramadan:



# PAGDIRIWANG NG MGA MUSLIM

**a.** Pag aayuno o hindi pagkain sa loob ng dalawampu't walo hanggang tatlumpu't araw.

**b.** Pagpunta sa pook - dasalan o Mosque upang sumamba kay Allah.

**c.** Pakikinig sa Imam mula sa pahayag na nagmumula sa banal na aklat ng mga Muslim, ang Koran.



# PAGDIRIWANG NG MGA MUSLIM

**2. Hari Raya Puasa -** o Eid'l Fitr na idinaraos ng mga Muslim bilang pagtatapos ng Ramadan. Ang mga sumusunod na gawain ay tanda ng Hari Raya Puasa:



# PAGDIRIWANG NG MGA MUSLIM

**a.** Paghahanda ng salu - salo para sa lahat ng kamag - anak, anak, kaibigan at kapitbahay.
**b.** Pagtitipun - tipon sa mosque upang magdarasal.
**c.** Pagdaraos ng palarong bayan tulad ng karera ng bangka.

